BPAANO KUNG NAGBAGO ANG PAG-IISIP KO?

Maaari mong baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras hangga't maaari habang ipinapaalam mo ang iyong mga kagustuhan. Upang baguhin ang taong nais mong gawin ang iyong mga desisyon sa healthcare o pangangalagang pangkalusugan, dapat kang pumirma sa isang pahayag o sabihin sa doktor na namamahala sa iyong pangangalaga.

ANO ANG MANGYAYARI KAPAG MAY IBANG NAGDESISYON TUNGKOL SA AKING PAG-GAGAMOT?

Ang parehong mga patakaran ay nalalapat sa sinumang gagawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo - isang ahente ng pangangalagang pangkalusugan, isang kahalili na ang pangalan ay ibinigay mo sa iyong doktor, o isang taong hinirang ng korte upang gumawa ng mga desisyon para sa iyo. Kinakailangang sundin ng lahat ang iyong Mga Tagubilin sa Pangangalagang Pangkalusugan o, kung wala, ang iyong pangkalahatang kagustuhan tungkol sa paggamot, kabilang ang paghihinto ng paggamot. Kung ang iyong mga kahilingan sa pag-gagamot ay hindi alam, ang kahalili ay dapat subukin upang matukoy kung ano ang para sa iyong pinakamahusay na interes. Ang mga taong nagbibigay ng iyong pangangalagang pangkalusugan ay dapat sumunod sa mga desisyon ng iyong ahente o kahalili maliban kung ang isang hiniling na paggamot ay magiging masamang gawaing medikal o hindi epektibo sa pagtulong sa iyo. Kung ito ay nagdudulot ng hindi pagkakaunawaan na hindi maaaring ayusin, ang provider ay dapat gumawa ng makatwirang pagsisikap na humanap ng ibang healthcare provider na hahalili sa iyong paggamot.

GAGAMUTIN PA BA AKO KUNG HINDI AKO GUMAGAWA NG ADVANCE DIRECTIVE?

Tiyak iyan. Magagamot ka pa rin. Gusto lang naming malaman mo na kung lumala ang iyong sakit upang gumawa ng mga desisyon, ibang tao ang kailangang gumawa nito para sa iyo. Tandaan na:

- Ang isang **POWER OF ATTORNEY PARA SA HEALTH CARE O PANGANGALAGANG KALUSUGAN** ay hahayaan kang pangalanan ang isang ahente para gumawa ng mga desisyon para sa iyo. Ang iyong ahente ay maaaring gumawa ng karamihan sa mga medikal na desisyon - hindi lamang ang tungkol sa paggamot sa pagpapanatili ng buhay - kapag hindi ka makapagsalita para sa iyong sarili. Maaari mo ring hayaan ang iyong ahente na gumawa ng mga desisyon nang mas maaga, kung gusto mo.

- MAAARI ANG LUMIKHA NG ISANG **INDIVIDUAL HEALTHCARE INSTRUCTION O INDIBIDUWAL NA TAGUBILIN SA PANGANGALAGANG KALUSUGAN** sa pamamagitan ng pagsulat ng iyong mga kahilingan tungkol sa pangangalagang pangkalusugan o sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong doktor at paghiling sa doktor na itala ang iyong mga kahilingan sa iyong medikal na file. Kung alam mo kung kailan mo nais o hindi nais ang ilang mga uri ng paggamot, ang isang Tagubilin ay nagbibigay ng isang mahusay na paraan upang gawing malinaw ang iyong mga naisin sa iyong doktor at sa sinumang iba pa na maaaring kasangkot sa pagpapasya tungkol sa paggamot para sa iyo.

- ANG DALAWANG URI NA ITO NG **ADVANCE HEALTHCARE DIRECTIVES O MGA DIREKTIBA NG ADVANCE NA PANGANGALAGANG KALUSUGAN** ay maaaring gamitin nang magkasama o magkahiwalay.

Upang maipatupad ang Pampublikong Batas 101508, inihanda ng California Consortium on Patient Self Determination ang brochure na ito noong 1991; ito ay binago noong 2000 ng California Department of Health Services, na may input mula sa mga miyembro ng consortium at iba pang mga interesadong partido, upang ipakita ang mga pagbabago sa batas ng estado.

PAANO AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGGAWA NG ADVANCE DIRECTIVE?

Tanungin ang iyong doktor, nurse, social worker, o tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang makakuha ng higit pang impormasyon para sa iyo. Maaari kang magpasulat sa isang abogado ng isang paunang direktiba para sa iyo, o maaari mong kumpletuhin ang isang paunang direktiba sa pamamagitan ng pagpuno sa mga patlang sa isang form.

NALATHALA 325 (12/16)

ESTADO NG CALIFORNIA

HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY O AHENSYA NG MGA SERBISYONG PANGKALUSUGAN AT PANTAO

DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES O DEPARTAMENTO NG MGA SERBISYONG PAMPUBLIKO

Advance Directive Brochure:
Rev 12/2016_Tagalog

Flex your POWER℠

© 2001 State of California

CDSS CALIFORNIA DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES

Ang Iyong Karapatang Gumawa ng mga Desisyon Tungkol sa Medikal na Paggamot

- Ipinapaliwanag ng brochure na ito ang iyong karapatang gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan at kung paano ka makakapagplano ngayon para sa iyong pangangalagang medikal kung hindi mo kayang magsalita para sa iyong sarili sa hinaharap.

- Ang isang pederal na batas ay nangangailangan para sa amin na ibigay sa iyo ang impormasyong ito. Umaasa kami na ang impormasyong ito ay makakatulong na mapataas ang iyong kontrol sa iyong medikal na paggamot.

SINO ANG MAGDESISYON TUNGKOL SA AKING PAG-GAGAMOT?

Bibigyan ka ng iyong mga doktor ng impormasyon at pagpapayo tungkol sa paggamot. May karapatan kang pumili. Maaari mong sabihin ang "Oo" sa mga paggamot na nais mo. Maaari kang magsabi ng "Hindi" sa anumang paggamot na hindi mo nais - kahit na ang paggamot ay maaaring magpapanatili sa iyong buhay nang mas matagal.

PAANO KO MALALAMAN ANG NAIS KO?

Dapat sabihin sa iyo ng iyong doktor ang tungkol sa iyong kundisyong medikal at tungkol sa kung ano ang maaaring gawin para sa iyo ng iba't ibang paggamot at mga alternatibo sa pamamahala ng sakit. Maraming paggamot ang may "mga side effect." Dapat mag-alok sa iyo ang iyong doktor ng impormasyon tungkol sa mga problema na posibleng idulot sa iyo ng medikal na paggamot.

Kadalasan, higit sa isang paggamot ang maaaring makatulong sa iyo - at ang mga tao ay may iba't ibang ideya tungkol sa kung alin ang pinakamahusay. Maaaring sabihin sa iyo ng iyong doktor kung aling mga paggamot ang magagamit mo, ngunit hindi maaaring pumili ang iyong doktor para sa iyo. Ang pagpili na iyon ay nasa sa iyo upang gawin at depende sa kung ano ang mahalaga sa iyo.

MAKAKATULONG BA ANG IBANG TAO SA AKING MGA DESISYON?

Oo. Ang mga pasyente ay madalas na bumaling sa kanilang mga kamag-anak at malalapit na kaibigan para sa tulong sa paggawa ng mga medikal na desisyon. Matutulungan ka ng mga taong ito na isipin ang mga pagpipiliang kinakaharap mo. Maaari mong hilingin sa mga doktor at nurse na makipag-usap sa iyong mga kamag-anak at kaibigan. Maaari silang magtanong sa mga doktor at nurse para sa iyo.

MAAARI BA AKONG PUMILI NG KAMAG-ANAK O KAIBIGAN UPANG GUMAWA NG MGA DESISYON SA PANGALAGANG KALUSUGAN PARA SA AKIN?

Oo. Maaari mong sabihin sa iyong doktor na nais mong may ibang gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo. Hilingin sa doktor na ilista ang taong iyon bilang iyong "kahalili" sa pangangalagang pangkalusugan sa iyong medikal na record. Ang kontrol ng kahalili sa iyong mga medikal na desisyon ay epektibo lamang sa panahon ng paggamot para sa iyong kasalukuyang sakit o pinsala o, kung ikaw ay nasa isang medikal na pasilidad, hanggang sa umalis ka sa pasilidad.

PAANO KUNG LUMUBHA ANG AKING SAKIT PARA MAKAGAWA NG SARILI KONG MGA DESISYON SA PANGANGALAGANG KALUSUGAN?

Kung hindi mo pinangalanan ang isang kahalili, hihilingin ng iyong doktor ang iyong pinakamalapit na available na kamag-anak o kaibigan na tumulong na magpasya kung ano ang pinakamainam para sa iyo. Kadalasan ito'y mainam. Ngunit kung minsan ang lahat ay hindi sumasang-ayon tungkol sa kung ano ang gagawin. Kaya naman nakakatulong kung masasabi mo nang maaga kung ano ang nais mong mangyari kung hindi mo kayang magsalita para sa iyong sarili.

KAILANGAN KO BA MAGHINTAY NA MAGKASAKIT AKO UPANG IBIGAY ANG AKING MGA KAHILINGAN TUNGKOL SA PANGANGALAGNG KALUSUGAN?

Hindi. Sa katunayan, mas mabuting pumili na bago ka pa magkasakit nang lubusan o magtungo sa isang ospital, nursing home, o iba pang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang gumamit ng **Advance Health Care Directive** para sabihin kung sino ang nais mong magsalita para sa iyo at kung anong uri ng paggamot ang nais mo. Ang mga dokumentong ito ay tinatawag na "advance" dahil naghahanda ka na nito bago pa mangailangang gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga ito ay tinatawag na "direktiba" dahil sinasabi nila kung sino ang magsasalita sa ngalan mo at kung ano ang dapat gawin.

Sa California, ang bahagi ng isang paunang direktiba na magagamit mo upang humirang ng isang ahente para gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan ay tinatawag na **Power of Attorney For Health Care**. Ang bahagi kung saan maaari mong ipahayag ang nais mong gawin ay tinatawag na Indibidwal na Tagubilin sa Pangangalaga sa Kalusugan.

SINO ANG MAAARING GUMAWA NG ADVANCE NA DIRECTIVE?

Magagawa mo kung ikaw ay 18 taong gulang o mas matanda at may kakayahang gumawa ng sarili mong mga desisyong medikal. Hindi mo kailangan ng abogado.

SINO ANG MAAARI KONG IHIRANG BILANG AKING AHENTE?

Maaari kang pumili ng isang may sapat na gulang na kamag-anak o sinumang ibang taong pinagkakatiwalaan mo upang magsalita para sa iyo kapag ang mga medikal na desisyon ay dapat gawin.

KAILAN MAGSISIMULANG GUMAWA ANG AKING AHENTE NG MGA MEDIKAL NA DESISYON?

Karaniwan, ang isang ahente ng pangangalagang pangkalusugan ay gagawa lamang ng mga desisyon pagkatapos mong mawalan ng kakayahang gumawa ng mga ito sa iyong sarili. Ngunit, kung nais mo, maaari mong ideklara sa **Power of Attorney** para sa Pangangalagang Pangkalusugan na nais mong simulan agad ng ahente ang mga desisyon.

PAANO MALALAMAN NG AKING AHENTE KUNG ANO ANG NAIS KO?

Pagkatapos mong piliin ang iyong ahente, kausapin ang taong iyon tungkol sa kung ano ang nais mo. Minsan ang mga pagpapasya sa paggamot ay mahirap gawin, at talagang nakakatulong ito kung alam ng iyong ahente kung ano ang nais mo. Maaari mo ring isulat ang iyong mga kahilingan sa iyong paunang direktiba.

PAANO KUNG AYAW KO MAGHIRANG NG ISANG AHENTE?

Maaari mo pa ring isulat ang iyong mga kahilingan sa iyong paunang direktiba, nang hindi maghihirang ng isang ahente. Maaari mong sabihin na nais mong magpatuloy ang iyong buhay hangga't maaari. O maaari mong sabihin na hindi mo nais na ipagpatuloy ang paggamot sa iyong buhay. Gayundin, maaari mong ipahayag ang iyong mga kahilingan tungkol sa paggamit ng pagpapawi ng sakit o anumang iba pang uri ng medikal na paggamot.

Kahit na hindi mo pa napunan ang isang nakasulat na **Indibidwal na Tagubilin sa Pangangalagang Kalusugan**, maaari mong talakayin ang iyong mga kahilingan sa iyong doktor, at hilingin sa iyong doktor na ilista ang mga kahilingang iyon sa iyong medikal na record. O maaari mong talakayin ang iyong mga kagustuhan sa iyong mga miyembro ng pamilya o mga kaibigan. Ngunit malamang na mas madaling sundin ang iyong mga kagustuhan kung isusulat mo ang mga ito.